

Sulyap sa Karanasan ng mga Asog: Isang Historikal na Pag-aaral sa Karanasang Homosekswal sa Pilipinas

Jay Jomar F. Quintos

In contemporary Philippine society, homosexuals are discriminated against and viewed as a comedic symbols. This is in contrast to the accounts of Philippine history which feature a wealth of tales and lore that depict homosexuals as an accepted part of the society. This paper introduces an anthropological and cultural study on the history of homosexuals from the precolonial to contemporary Philippines. It analyzes the influence of colonizers in the modern perception of homosexuals in the media today. The paper traces the early experiences and portrayals of homosexuals in the confesionarios, diccionarios, guidelines, and manuals of Spanish missionaries. These experiences and portrayals are compared to the contemporary guidelines set forth by the Movie and Television Classification and Review Board (MTRCB). In the end, this paper aims to eradicate the misconception about the modern bakla and present more of their richer traditions as asog, bayoguin, and binabayi.

Keywords: folk culture, cultural studies, homosexuality, space

Bagama't sinasabing makulay ang ginampanang papel ng mga homosekswal sa prekolonyal at kolonyal na kasaysayan ng bansa, mula sa mga makapangyarihang katalonan at babaylan hanggang sa mga bininyagang katutubong nakadamit pambabae, binubura ang karanasang ito sa mga tala at naratolohiya ng bansa. Karaniwan, naisasantabi ang danas at dalumat ng mga homosekswal upang itanghal ang ibininyag na kultura ng mga dayuhan. Sa obserbasyon ni J. Neil Garcia (2008), kailangan ang isang empirikal na pagsusuri sa lokal at pambansang karanasan ng mga homosekswal lalo na't marami ang hindi nakakaalam sa batis at pinagmulan nito. Gayundin, ang pagbibigay tinig at espasyo sa mga homosekswal na ipinagkakait ng kolonyal na naratibo ng bansa.

Tila parang bula na naglaho ang mga homosekswal sa tradisyon at kasaysayan. Bagama't may mga labi na nakalibing tungkol sa karanasan ng mga homosekswal, kinakailangan pa itong hukayin upang makabuo ng pagpapakahulugang hiwalay sa kahulugang idinuduldol ng mga karanasang

makalalaki at makababae lamang. Sa mga libro ng kasaysayan, walang naitalang kadakilaan at karangalang homoseksual ang maaaring maging balon ng imahen para sa modernong pagpapakahulugan dito. Nilusaw ng dayuhang kultura ang taal at katutubong karanasan at kahulugan sa prekolonyal na yugto sa kasaysayan, ipinapantay at iwinawangis ito sa Kanluraning hulmahan. Sa kolonyal na diskurso sa bansa, ang proseso ng pagbabagong-loob ng mga katutubo ang masasabing naging paraan ng pagbabago ng iba't ibang domeyn sa bansa- teritoryo, paniniwala, at kultura. Higit dito ang pagbabago maging sa mga mithiin at nasa ng mga katutubo (Rafael, 1988). Sa puntong ito, ang tranpormasyon ng dakila at makulay na pithaya at haraya ng mga asog, bayoguin at binabayi.

Layon ng papel na ito na ipagpatuloy ang nasimulang mga pag-aaral sa karanasan at kasaysayan ng mga homoseksual sa Pilipinas. Susubukang tuntunin ang transpormasyon ng mga naunang asog, bayoguin at binabayi patungo sa tinatawag ngayong bacla/bakla. Batis ng pag-aaral ang mga tala at naratibo sa prekolonyal na yugto sa kasaysayan. Dahil prekolonyal, nangangahulugan ito ng oral at hindi nakasulat, kaya't babasahin ang mga pananda sa lawas ng mga libro, alituntunin, *diccionario*, manwal, at confesionario na inilimbag ng mga misyonerong Espanyol noong unang panahon ng koloniyalismo. Babasahin din ang kaugnayan at pagkakatulad ng mga tala ng mga dayuhang Espanyol sa namamayaning alituntunin sa kulturang popular, partikular na ang alintuntuning itinatakda ng Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB). Sa ganang ito, susuriin ang umaalingawngaw na kulturang bitbit ng mga mananakop na litaw na litaw sa midya sa kasalukuyang panahon. Susing kawing sa pagsusuring ito ang katutubong karanasan at kasaysayan sa Pilipinas. Panghuli, susubukang imapa ang lunan ng mga homoseksual sa kasalukuyang panahon ilang daang taon matapos mabinyagan ng dayuhang kultura.

Sa papel na ito, lilimitahan lamang ang pag-aaral tungkol sa mga asog, bayoguin, binabayi, at bacla/bakla. Gagamitin din ang terminong homoseksual bilang katawagan sa mga “bakla.”

Ang Mga Asog, Bayoguin, at Bacla

Datapwa't mayroong mga tala ang mga misyonerong Espanyol sa Pilipinas tungkol sa tradisyon at pag-iral ng mga homoseksual na noo'y tinatawag na “asog,” “asog,” “bayog,” “bayoguin,” at “binabayi,” natabunan ito ng tradisyong Europeo na dinala ng mga mananakop. Sa mga libro, *confesionario*, *diccionario*, at manwal ng mga Espanyol, mapapansin na noon pa man ay mayroon nang mga tala na naisulat ukol sa pag-iral at pamumuhay ng mga homoseksual.

Tingnan, halimbawa, ang mga salita na matatagpuan sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* (1860) nina Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar at *Vocabulario de la Lengua Bicol* (1865) ni Marcos de Lisboa na tumutukoy sa katauhan ng mga lalaking nagbibihis pambabae at nakikipagrelasyon sa kapwa lalaki. Matatagpuan ang salitang “asog” kapwa sa *Vocabulario* ng mga Tagalog at Bicolano. Sa pagpapakahulugan nina de Noceda at de Sanlucar (1860), “asog” daw ang katawagan sa mga nilalang na hermafrodito na may dalawang kasarian. Ayon naman kay de Lisboa (1865), “asog” ang pantukoy sa isang lalaki na nagbibihis, kumikilos, at nag-iisip tulad ng isang babae. Bukod dito, makikita rin ang ilang salita sa *Vocabulario* nina Noceda at Sanlucar na may kaparehong kahulugan ng sa asog tulad ng mga salitang “bayoguin” at “binabayi” na kapwa tumutukoy sa mga lalaking nagbibihis babae at duwag kung kumilos.

Batay pa rin kina de Noceda at Sanlucar (1860), ang salitang “bacla” na talamak sa panahon ngayon bilang “bakla” ay mayroong apat na magkakaibang kahulugan. Una, ang bakla bilang paraan nang panlilinlang para magmukhang maganda at maningning ang isang tao; pangalawa, ang pagtukoy sa pagbabago at pagkatakot sa isang bagay; pangatlo, ang paglilipat ng interes para makamit ang isang bagay at; pang-apat, ang bacla bilang bahagi nang kinakamot na balat. Kung gayon, kailan nga ba naging “bacla” o “bakla” ang tawag sa mga asog, bayoguin at binabayi?

Marahil, isang dahilan kung bakit tinawag na “bacla” o “bakla” ang mga asog, bayoguin at binabayi, ay dahil sa ikalawang kahulugan ng bakla na makikita sa *Vocabulario*, ang pagiging duwag at matatakutin. Sa *Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon natin na Tola* (1990) ni Gaspar Aquino de Belen, ilang beses ding ginamit ang salitang “bacla” na tumutukoy sa pagiging duwag:

673 Cun sila,y, nagpabaya na,
 budhi naboyo,t, **nabac**la
 longmomang sangpalataya,
 icao caya naman Ina,y,
 gagagad magpalamara?” (p. 145) (Akin ang diin.)

May pahiwatig nang pagtaliwas sa naunang balakin ang dayalogo ni Hesukristo sa saknong sa pasyon. Masasabing tungkol ito sa kanyang mga disipulo na naging bahag ang buntot o naduwag sa nauna nilang balak gawin. Ang salitang “bacla” ay mahihiwatigang ginamit sa pasyon bilang kasingkahulugan ng karuwagan. Samakatuwid, ang “bacla” ay kaparis nang

“duwag” na karaniwang ginagamit bilang paglalarawan ng mga misyonerong Kastila sa mga asog, bayoguin at binabayi. Kung tutuntunin ang relasyon ng mga koseptong karuwagan at asog, masasabing mayroong ginagawa ang mga lalaki noong unang panahon na hindi ginagawa ng mga asog, bayoguin at binabayi. Sa puntong ito, maaaring ipinagpalagay ng mga misyonerong Kastila na manipestasyon ng karuwagan ang katangiang iyon ng mga asog.

Marahil, ang datos na kinalap ni Francisco Alcina sa *Historia de las Islas de Indios de Bisayas* (2002) ang isa sa mga naunang imahen na naitala tungkol sa pagiging duwag at “bacla” ng mga asog, bayoguin at binabayi. Binabanggit sa tala ang pagiging kaiba ng mga asog sa pamantayan ng pagiging lalaki. Dagdag pa ni Alcina, ang lahat ng lalaking Bisaya ay mahilig magpa-tattoo (sila ang tinatawag na pintados), liban na lamang sa mga tinatawag na asog (p. 141). Maaaring sabihin na naging batayan at panuntunan ni Alcina ang ginagawa ng mga sinaunang lalaki sa hindi ginagawa ng mga asog tulad ng pagpapalagay ng mga tattoo. Ito marahil ang rasyunale ni Alcina kung bakit tinawag niyang duwag at bacla ang mga asog, bayoguin at binabayi.

Kakaiba rin ang sinasabing imahen at kilos na nakita ni Alcina (2002) sa pagitan ng mga katutubong lalaki at asog :

[They] considered themselves more like women than like men in their mode of life, relationships, and even occupations. Some of them applied themselves to woman tasks, like weaving and cultivating, etc. In dress, although they did not wear petticoats (women in olden times did not either), they did wear some lambung, as they are called here. This is a kind of a long skirt down to the feet, so that they were recognized even by their manner of dress. (p. 155)

Sa pahapyaw na pagsulyap sa mga naitala sa kasaysayan ng mga misyonerong Kastila tulad ni Alcina, maaaring ipagpalagay na mayroon na talagang dalumat ng pagkabakla noon pa mang unang panahon sa Pilipinas. Bagama’t itinuturing na napangingimbabawan ng mga demonyo at mga mangkukulam ang paniniwala at kaugalian ng mga asog, bayoguin at binabayi, hindi maaalis ang pagiging katutubo nito sa prekolonyal na yugto ng bansa. May mga bahagi pa nga ng komunidad na nagsasantabi sa kani-kanilang mga kasarian upang mas maging kapaki-pakinabang sa tungkuling nakaatang sa pamayanan.

Sa pagtataya ni Zeus Salazar (1995) tungkol sa tungkulin ng mga sinaunang tao sa pamayanan, partikular na ang pagiging babaylan, karamihan daw sa

mga gumagawa ng tungkuling ito ay mga babae at iilan lamang ang mga “nyutral” o binabae. Taliwas ito sa tala ng maraming misyonerong Kastila na nagpapatunay na marami silang nakitang asog, bayoguin at binabayi na gumaganap sa tungkulin ng mga babaylan. Sa *The Manners, Customs, and Beliefs of the Philippine Inhabitants of Long Ago: Being Chapters of “A late 16th Century Manila Manuscript”* nina Carlos Quirino at Mauro Garcia (1961), makikita ang ilang tinipong tala ng mga misyonero tungkol sa kanilang dinanas na kahirapan sa pag-uuri kung sino ang babae sa lupon ng mga babae, asog, bayoguin at binabayi na kanilang nakita:

Ordinarily they dress as women, act like prudes and are so effeminate that one who does not know them would believe they are women. Almost all are impotent for the reproductive act, and thus they marry other males and sleep with them as man and wife and have carnal knowledge. (p. 430)

Mula sa ulat tungkol sa mga katutubo, maaaring gawing lunsaran ang pagpapalagay na hindi kaya naguluhan ang ilang misyonero sa kanilang mga nakitang babaylan. Maaari ring sabihin na bukod sa mga totoong babae, marami ring babaylan sa katauhan ng mga asog, bayoguin at binabayi na hindi gaanong napansin ng mga misyonero dahil sa tuluyan nitong pagbibihis babae. Hindi ito maaaring ihiwalay sa mga pahayag nina Alcina, San Antonio at Placencia tungkol sa mga nakasalamuha nilang asog, bayoguin at binabayi, na hindi nila nakilala bilang mga lalaki dahil sa pambihirang pagbibihis, pagkilos, at paggalaw tulad ng mga babae. Sa dalumat ng kasaysayan ng *cross-dressing*, ito ang sinasabi ni J. Neil Garcia (2008) na noon pa man ay mayroon nang tradisyon ng pagdadamit-babae ang mga asog, bayoguin at binabayi. Sa ganang ito, ligtas din na sabihin na ang pagkalito ng mga naunang misyonero sa pagkakaiba ng mga babae at asog, ay manipestasyon ng kalayaan dahil sa pagiging malaya ng mga asog sa kanilang pagdadamit, asal, paniniwala, at paraan ng pamumuhay.

Samantala, mahuhugot din mula sa tala ng mga misyonero na kinalap nina Quirino at Garcia (1961) ang pagiging pangkaraniwan ng tradisyong pagpapakasal ng lalaki sa kapwa lalaki. Litaw na litaw ang katutubong dalumat ng mag-asawa na hindi nakukulong sa lalaki at babae lamang. Bagama’t sinasabing walang silbi sa pagpapayabong ng populasyon ang relasyong ito, mahihiwatigan naman ang pagtanggap dito ng mga katutubo bilang bahagi ng buhay.

Sa paglipas ng panahon, mapapalitan ng dayuhang kulturang mula sa Europa ang nakagisnang kultura ng mga katutubo. Kung sa katutubong karanasan matatagpuan ang ilang paliwanag tungkol sa natibong kahulugan ng buhay at kultura, binura ito ng mga mananakop dahil ito raw ay imoral, barbaro, at gawa ng demonyo. Patunay dito ang naganap na ebanghelisasyon sa Antipolo na nilahukan ng maraming katutubo. Isa sa mga naging sentro ng pagbabagong-loob ay ang baklang catalonan na sinasabing tuluyang iwinaksi ang katutubong paniniwala para yakapin ang kultura ng mga mananakop. Tunghayan ang sipi mula sa *Relacion de las Islas Filipinas* (1969) ni Pedro Chirino:

This leader said that the father's *anito* (thus they style their deities) was greater than those of other men, and for that reason they recognized him as superior. This pagan priest, while offering his infamous sacrifices, was possessed by the Devil who caused him to make most ugly grimaces; and he braided his hair, which for his particular calling he wore long, like that of a woman. But he, beginning (like the Magdalene) with his hair, cut it off publicly, and with it the power of the Devil, who held him captive; and receiving baptism, constrained the others by his example to do the same, consigning his idols to the fire where they were consumed. (pp. 112-113)

Mahalagang pitak sa kasaysayan ng mga homosekswal sa Pilipinas ang pangyayaring naganap sa Antipolo. Hugpungan ito ng maraming kahulugan na maaaring maging pananda sa pagtingin ngayon sa mga homosekswal. Tulad ng katalonan na sinasabing sinapian ng demonyo kaya't kinakailangang gamutin, sa ganitong paraan mailalarawan ang kasalukuyang trato sa mga homosekswal. Tuluyang ikinalat na dalawang imahen lamang ang kasarian, ang sa lalaki at babae. Bilang bahagi ng tinatawag na hispanisasyon, tuluyang iwinaksi ang mapag-arugang imahen ng mga babaylan na asog, bayoguin at binabayi. Napalitan din ang katawagan sa mga ito ng salitang bakla bilang katumbas daw ng mga lalaking hindi kayang panindigan ang kanilang pagkalalaki.

Ang Danas ng mga Bakla sa Panahon ng Koloniyalismo

Kung buhay na buhay sa katutubong kultura ang danas ng mga asog, bayoguin, at bakla, nabago ito sa paglipas ng mga dantaon. Kung dati'y

hindi naman makabuluhan ang kasarian at hindi ito binibigyan ng masusing pansin, pinalitan ang kaisipang ito ng mga Espanyol. Naging mahalaga ang pagbibigay-kasarian sa lahat ng bagay sa kapuluan dahil sa kahalagahan nito sa kanilang wika. Mas napadali para sa mga Espanyol ang pagtukoy sa mga bagay nang gamitin nila ang ibininyag na mga kasarian. Halimbawa, ang mga bagay, tao, at propesyon na nagtatapos ang huling titik sa o ay para sa mga lalaki lamang habang ang mga nagtatapos naman sa titik a ay para sa mga babae. Laging nasa huling titik ng salita ang pananda ng kasarian sa wikang Espanyol.

Sa diskurso ng koloniyalismo, itinuturing ng mga Espanyol na kanilang nilinis at binigyan ng kultura ang mga katutubong pinaghaharian ng mga engkanto at demonyo. Ang pagpasok daw ng mga demonyo sa katawan ng isang lalaki ay maaaring magresulta sa pagiging asog o bacla. Ang mga babaylan naman na kumontra sa ibinibinyag na kaisipan ng mga prayle ay pinaparatangang sinasapian ng demonyo at engkanto. Kung minsan, sinusunog ng mga prayle ang gamit at damit ng mga babaylan na kanilang kahati sa kapangyarihan sa sinaunang pamayanan sa bansa (Santiago, 2005).

Ngunit kapansin-pansin ang tuluyang pagkawala ng espasyo para sa mga asog, bayoguin at binabayi. Sinupil ang karapatan ng mga lalaki na makapag-asawa ng kanilang kapwa lalaki, nawala rin ang tradisyon ng mga asog na pagsusuot ng lambong at damit pambabae. Higit dito, mariing tinutulan ang pakikipagtalik ng lalaki sa kanyang kapwa lalaki dahil salungat ito sa utos ng dominanteng relihiyong ibininyag ng mga Espanyol. May kaukulang parusa ang simbahan para sa mga katutubong lalabag dito. Kinakailangang sumailalim sa kabanalan ng kumpisal ang lahat ng nagkakasala dahil ang pangungumpisal ang siyang bukal na naglilinis sa kasalanan ng tao (Rafael, 1988).

Tingnan, halimbawa ang nasa *Arte de la Lengua Tagala, y manual tagalog para auxilio de los religiosos* (1865) ni Fray Sebastian Totanes. Detalyado ang kumpisal na inihahain sa mga katutubo ukol sa mga makasalanang asal. Sa manwal ng confesionario, mapapansin ang pagbibigay diin at malisya ni Totanes sa pakikipagtalik na itinuturing bilang normal at natibong paniniwala at kaugalian:

399. Bocor dito, opan naquipag biro ca naman sa ibang manga babaye? (cun napabiro ca caya sa ibang manga lalaqui?) Cun sa capwa mo lalaqui, cun babaye?

400. At doon sa inyong paglalaro, at pagbibiro, ano? Mahalai caya ang iyong buchang bibig, at tongcol sa calibugan?
401. Buehang bibig na lamang yaong inyong pag bibiroan, eun nagbibiroan naman eayo nang inyong manga eamay?
402. At paano eaya yaon? Nag aaglahian, at nag dorocotan ba eayo, at nag hihipoan eaya, eun nagpaquitaan naman eayo doon sa inyong eadouaan?
403. At nilabasan ea nang marumi? Eun pinalabasan mo eaya ang manga eabiroan mo?
404. Ilan eayong nagbibiroan nang gayon? At ilan sa inyo ang may asua? At ilan ang ualang asua? At mey ibang manga eaharap na nanonoor sa inyo?
405. At macailang nagbiro eayo nang gayon?
(pp. 111-112)

Kung susundan ang estilo ng pagtatanong ng mga prayle, may pahiwatig ito ng pag-iral ng ganoong gawi at kaugalian sa panahong binabanggit. Dagdag dito, pinapalitan ang normal na kalakaran at asal ng mga katutubo tungkol sa kasarian at pakikipagtalik. Mula sa katutubo at natibo, nababago ang asal patungong kahalayan, kasalanan at kasamaan. Isa sa mga tanong sa instruksiyunal na manwal confesionario ay ang tungkol sa pagbibiruan ng mga kamay -- ibig sabihin, ang pagsasalsal ng ari. Sumunod na tanong dito ay kung nilabasan ba ng marumi ang katutubo. Sa saray ng katutubong pananagisag, ang pagsasalsal ay itinuturing na bahagi ng pang-araw-araw na buhay at ito'y nakaugalian na. Ang lumalabas pagkatapos ng pagsasalsal ay kahulugan ng ruok ng kasiyahan o pakikipagtalik na bumubuo at nagbibigay kahulugan sa pagkatao. Ngunit sa confesionario, ito'y kasalanan dahil ipinagbabawal ang paglalaro sa ari. Dagdag kasalanan pa kung sa paglalarong iyon ay nilabasan ka ng marumi.

Sa puntong ito, ang manwal na confesionario ay patunay na mula sa pangkaraniwan na personal o sekswal na relasyon ng mga homosekswal, ito'y mariing ipinagbawal sa bagong kultura. Ang sinumang hindi susunod sa utos o magkakasala sa ibinibigay na koda ng mga prayle ay mapapahamak at kailangang bigyan ng kaukulang parusa. Maaari ring tingnan ang tekstong ito bilang pagsupil sa kasiyahan ng mga katutubo na kilalanin ang kanilang sarili. Ang pagtingin sa paglalaro sa sarili bilang masama ay bahagi ng kolonyal na diskurso ng pananakop at pagbibigay-batas batay sa panuntunang pandayuhan na nagsasantabi sa salik ng katutubong paniniwala.

Hindi nalalayo ang confesionario ni Totanes sa naunang instruksiyunal na manwal ni Tomas Pinpin na *Librong Pagaaralan ng mga Tagalog nang Uicang Castila* (1910). Dito naman ay tinig ng prayle ang mababasa na nagbibigay instruksyon sa katutubo:

May doon ca cayang salang ano anoman sa capoua mo lalaqui, at sa capoua mo babayi caya? Turan modin con anong asal nga calibugan ninyo, niyong catongo mo, con nagsisiping o con nagdaramahan cayo, at con nagbabayan cayo, at con ano,t, con ano: ycao na ang bahalang mabala? (p. 218)

Lisa ang sinasabi nina Pinpin (1910) at Totanes (1864), kasalanan ang pakikipagtalik, sa kapwa lalaki, kapwa babae, o maging sa hindi asawa. Ang paglalaro ng kamay sa ari ay itinuturing din na kasalanan, lalo pa ang paglabas ng marumi sa pagtatapos ng paglalaro. Para sa mga misyonerong prayle at mga bininyagang ladino, ang pagkakasalang ito ay dulot ng mga demonyo na inaakit ang mga katutubo na bumalik sa pagiging pagano, imoral at nakagisnang marahas na pamumuhay.

Sa pagdating at pananakop ng mga Espanyol sa bansa, masasabing malaki ang naging epekto nito sa buong kapuluan. Ang katutubong paniniwala at kaugalian sa pang-araw-araw na buhay hanggang sa mga nagaganap sa loob ng pribadong buhay ng mga katutubo ay pinakialamanan ng mga mananakop. Nagkaroon ng pantukoy ang maraming bagay, halimbawa, nagkaroon ng pagkakahati sa itinuturing noon na mga “diyos” at “diyosa,” diyos para sa mga lalaki at diyosa para sa mga babae. Ang imahen ng mga bayani at mandirigma sa katutubong epiko tulad nina Agyu, Labaw Donggon, Humadapnon, at Sandayo, na magaslawa, malikot, matapang, at mahilig makidigma para sa ipinaglalabang bayan, ay pinalitan ng imahen ng maamo, tahimik, at banal na mukha ni HesuKristo. Ang matapang at lumalaban naman na simbolo sa mga epiko nina Alunsina, Nagmalitung Yawa, Mebuyan, Dagau, at Matabagka ay pinalitan ng tumatangis at tahimik na simbolo ni Birheng Maria (Lucero, 2007). Maging ang mga bundok ay hindi pinalampas ng hispanisasyon, nagkaroon ng dambuhalang pagkakahati sa kasarian ang mga ito. Ang bundok Makiling ay ginawang babae, idinagdag ang Maria upang maging Mariang Makiling. Ang mga katutubong asog, bayoguin at binabayi naman ay minarkahan bilang makasalanang nilalang.

Kung ito ang bitak-bitak na larawan na idinulot ng kolonisasyon sa katutubong kultura, mapag-uugnay ang lahat ng ito sa pamamagitan ng monologo ng isang

nagsisipi sa *Meditaciones Cuius Modum Magna Mater in Pagninilay na Sadia sa Sanctong Pag Exercitios* (1843) ni Pedro de Herrera:

Cayo palang manga casalanang co ang manga caauay cong totoo, at dili mauala ang mga carouahaguinan co sa inyo ... pagdaramotan co cayo nang pagpapacain sa inyo, ang icabubuhay lamang ang ipacacain co, dili kayo mahihimang nang pagtolog, aba dila cong mauicain, hahauacan co ang catalipandasang mo, pipiguilin cata,t, dili ngani sosondin ang caloobang mo, cun di ang loob nang aquing Dios. (p. 64)

Mahuhugot sa monologo ang pangkalahatang larawan nang pagpapabaya ng katutubo sa kanyang sarili upang sundin ang mga kautusan ng relihiyon. Hindi maitatanggi naging batis ng mga katutubo ang dayuhang kultura upang maging batayan ng paniniwala at konsepto kung ano ang tama sa mali. Mahalagang pananda ang monologo sa *Meditaciones* ni Pedro de Herrera, sumasagisag ito sa panahon kung kailan naisasakatuparan na ng mga dayuhan ang kanilang mithiing masakop hindi lamang ang pisikal na aspekto ng bansa kundi maging ang mismong loob ng mga katutubo.

Ang Diskurso ng Confesionario at Manwal sa Kulturang Popular

Hindi maitatanggi ang malaking impluwensya sa kasalukuyang panahon ng mga inilimbag na confesionario, manwal, at alituntunin ng mga misyonerong Espanyol. Kalat-kalat ang ibinunga ng diskurso ng confesionario at alituntunin sa kultura at lipunang Filipino. Sa obserbasyon ni Rosario Cruz-Lucero (2007), matutunton ang malakas na tinig ng mga aral ng confesionario at manwal sa kulturang popular, pinakamalakas na batinting nito ang mga alituntuning sinusunod ng MTRCB.

Ang MTRCB ang lupon na nagrerepaso at sumusuri sa mga ipinapalabas na pelikula sa mga sinehan at palabas sa telebisyon. Itinatakdang konstitusyon ang lupon na ito batay sa Presidential Decree No. 1986. Narito ang isang bahagi ng patakaran at alituntunin na itinatadhana ng MTRCB simula Oktubre 5, 1985 tungkol sa mga ipinapalabas na pelikula sa bansa:

The following scenes shall be considered immoral and indecent:

1. All explicit sexual acts, actual or simulated, such as but not limited to, sexual intercourse, masturbation, mashing, licking and fondling of sex organs;

2. Lewd frontal nudity and/or exhibition of private parts, such as but not limited to, female breasts exposure and pubic hair exposure (naked or see-through clothing, such as lace bikinis, wet T-shirts and transparent negligee).
3. All sexual pumping scenes and movements, whether the subjects are clothed or unclothed;
4. Sexual exploitation and abuse of children, such as paedophilia and acts of incest;
5. **Perverted sexual acts, such as, homosexual and lesbian sexual acts, sodomy, necrophilia and ‘zooerastia’, (akin ang diin.)**
6. Deliberate panning of the camera to achieve a lewd and malicious close-up of sexual parts.

Kung susundan ang mga alituntunin at patakaran na itinatakdang MTRCB, masasabing taglay nito ang mga naiwang labi ng aral na mapupulot sa confesionario at manwal. Hindi ito nalalayo sa mga naunang inilimbag ng mga misyonerong sina Totanes at Pinpin. Litaw na litaw sa alituntunin ng MTRCB ang sapilitang pagduduldol sa nakamamanhid na romantisismo ng dayuhang kultura.

Sa diskurso ng mga naunang alituntunin hanggang sa patakarang sinusunod ng MTRCB, mahalagang sipatin ang pagbura sa kalidad ng katutubong buhay. Sa usapin ng mga homosekswal, hindi pa rin naaalis ang iniwang latay ng dayuhang kultura sa mga asog, bayoguin at binabayi bilang imahen ng kahalayan, imoralidad, at kasalanan. Tingnan, halimbawa, ang bilang lima sa isinasaad na alituntunin ng MTRCB, “perverted sexual acts, such as, homosexual and lesbian sexual acts, sodomy, necrophilia and ‘zooerastia’.” Bagama’t masasabing isinasaad sa alituntunin ng MTRCB ang pagbabawal sa malinaw at mahalay na mga seskwat na imahen, mahalagang bigyan ng diin ang mga tagpo sa kategoryang inihahain ng MTRCB bilang “perverted sexual act.” Mapapansin na tanging sekswal na imahen lamang ng mga homosekswal ang binabanggit dito, hindi isinasama ang sekswal na imahen sa pagitan ng babae at lalaki. Sa puntong ito, nagkakaroon agad ng pag-uuri at pangkalahatang pagpapalagay na ang lahat ng asal ng mga homosekswal ay pilipit at makasalanan. Nagiging bukal na lunsaran ito ng imahen ng homosekswalidad bilang tuwina’y “sekswal” at tagpong hindi dapat ipalabas sa sinehan at telebisyon.

Narito naman ang ilang bahagi ng binagong panuntunan at alituntunin ng MTRCB sa pagrepaso at pagsuri sa mga pelikulang ipinapalabas sa bansa simula Pebrero 24, 2004:

A movie shall be disapproved for public viewing if, in the judgment of the BOARD:

1. The average person, applying contemporary standards, would find that the dominant theme of the work as a whole appeals to prurient interest and satisfies only the craving for gratuitous sex and/or violence.
2. The work depicts in a patently lewd, offensive, or demeaning manner, excretory functions and sexual conduct such as sexual intercourse, masturbation and exhibition of the genitals.
3. **The work clearly constitutes an attack against any race, creed or religion.** (Akin ang diin.)
4. The work condones or encourages the use of illegal drugs and substances.
5. The work tends to undermine the faith and confidence of the people in their government and/or duly constituted authorities.
6. The work glorifies criminals or condones crimes.
7. The work is libelous or defamatory to the good name and reputation of any person, whether living or dead.
8. The work may constitute contempt of court or of a quasi-judicial tribunal, or may pertain to matters which are sub-judice in nature.

Bagama't nawala sa nirebisang alituntunin ng MTRCB ang naunang pag-uuri noong 1985 sa sekswal na imahen ng mga homosekswal bilang imoral at makasalanan, mapapansin ang patuloy na pagsasantabi sa kasarian sa usapin ng malaya at mapagpalayang diskurso ng homosekswalidad. Kung susuriin, tuluyan pa ring isinasantabi sa makabagong alituntunin ng MTRCB ang pagpapahayag sa karanasan at kasaysayan ng mga homosekswal.

Tunghayan ang ikatlong isinasaad ng bagong alituntunin ng MTRCB bilang bahagi ng mga pelikulang hindi dapat pahintulatang maipalabas sa mga sinehan, "clearly constitutes an attack against any race, creed or

religion.” Sa pariralang nabanggit, mapapansin ang pagsasawalang bahala sa “gender” o kasarian na kalimitang kahanay ng “race, creed or religion” na laging magkakasama sa paghingi ng paggalang at respeto. Sa pagmamapa sa espasyo ng homosekswalidad sa bansa, mahuhugot mula sa alituntunin ng MTRCB ang pagkalugmok nito sa laylayan ng lipunan. Pinoposisyon ang imahen ng mga homosekswal sa lunan kung saan pinapawi ang tinig ng pagprotesta nito.

Maaari ring ipagpalagay na diyalektiko ang kahulugang ibinibigay ng bagong alituntunin ng MTRCB. Una, ang paghihiwalay ng bagong alituntunin sa kasarian sa mga kahanay nito, tulad ng lahi, etnisidad at relihiyon, ay maaaring tingnan bilang pagbalewala ng estado sa pag-iral ng mga homosekswal. Patunay din ang hindi paglangkap sa kasarian sa mga kahanay nito bilang paraan ng pasistang estado para tuluyang supilin ang danas ng paglaladlad at pagtibok ng mga bakla at lesbyana. Pangalawa, kung susundan ang tilapon ng bagong alituntunin ng MTRCB, masasabing ang hindi pagbanggit sa kasarian ay landasin sa paghimok sa pagtuligsa sa homosekswalidad upang itanghal ang tinataal na kasarian na naaayon sa kolonyal na tuntunin. Makikita ito sa bawat anyo ng midya na may pagkiling at inklinasyon sa ipinagmamalaking kaayusan. Sa pelikula, telebisyon, radyo, at artikulo, patuloy ang pagdaluhong sa imahen ng mga homosekswal bilang sakit, abnormalidad at kinakailangang gamutin. Sa kanlungan ng estado at ayuda mula sa kolonyal na patakaran, pinapanatili ang hindi maayos na kalagayan at pagtingin sa mga homosekswal.

Hindi maitatangi ang paralelismo sa kapangyarihan ng simbahan sa panahon ng koloniyalismong Espanyol at MTRCB sa kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng mga konsepto ng *hiya* at *utang na loob*, ginamit ng mga misyonerong Espanyol ang confesionario, manwal, at alituntunin sa layuning mabago ang katutubong kultura. Kung si HesuKristo ay hindi nag-atubiling ibigay ang kanyang *loob* sa sansinukob, nararapat lamang na suklian ito ng mga katutubo sa pagbibigay din ng kanilang *loob* (Rafael, 1988). Hindi ito nalalayo sa reyalidad sa MTRCB, kinakailangang sundin ang mga alituntunin dahil ito ang itinatakda ng maraming pamantayan ng simbahan, gobyerno, at lipunan. Sa yugtong tulad nito, sumisikip, kumikitid, at tuluyang naglalaho ang espasyo ng mga asog, bayoguin at binabayi.

Paglalagom

Sa epikong Sulod na *Hinilawod: Humadapnon*, malinaw ang pinapalutang na mensahe tungkol sa kasarian at sekswalidad ng mga bidang karakter. May mga bahagi ng epiko na nagsasalaysay ukol sa kagitingan ni Humadapnon

bilang pinakamalakas at pinakatatanging buyung sa daigdig. Naglayag si Humadapnon upang makilala ang diwatang si Nagmalitung Yawa. Sa kanyang paglalayag, nakilala niya ang mga babaeng binukot ng Tarangban na nang-akit sa kanya at nagpiit sa loob ng kweba. Dito’y naengkanto siya at nawala sa sarili, dahilan para ilitas siya ni Nagmalitung Yawa na nagpalit ng hitsura sa katauhan ng isang lalaki, ni Buyung Sunmasakay. Sa huling episodyo, muling bumalik sa katinuan si Humadapnon at agad naghayag ng pag-ibig kay Nagmalitung Yawa / Buyung Sunmasakay. Ngunit sa huli, mayroong pahiwatig ng pagkabigo ang epiko, lumipad papalayo si Nagmalitung Yawa at saka dumapo sa isang malaking bato, inayos ang paa at saka tumingin sa malayung-malayo.

Maaaring basahin ang bahaging pagpapalit ng katauhan ni Nagmalitung Yawa patungong Buyung Sunmasakay (transpormasyon mula babae patungong lalaki), bilang paglalarawan na ang pananaw ng mga mitolohikal na karakter sa relasyon nang magkakapareho ang kasarian, lalaki sa lalaki, at babae sa babae, ay pangkaraniwan sa pamumuhay ng mga katutubo. Ito’y maaaring tingnan bilang pilosopikal na pagpapaliwanag sa paniniwalang ang lahat ay pantay-pantay at hindi magkakaiba. Maaari ring ipagpalagay na hindi binibigyan ng matinding tuon ang sekswalidad at kasarian sa katutubong pamayanan, dahil ang mas mahalaga ay ang kagitingan at pagiging busilak ng loob ng isang tao. Ang mabilis na pagbabagu-bago ng hitsura ni Nagmalitung Yawa ay mauugnay na ang hitsura, anyo, maging ang kasarian, ay nililikha lamang ng tao batay sa kanyang pangangailangang pisikal, emosyunal, at espirital.

Sa kontemporareo o kasalukuyang paglalarawan sa mga homosekwal, walang sinusunod na imahen ang isang “bakla.” Binura ang kadalisan at karikitan ng mga asog, bayoguin at binabayi na mauugat sa unang panahon ng koloniyalismo. Sa kasaysayan ng homosekswalidad sa bansa, ang panahon ng koloniyalismo ang maituturing na pitak kung kailan nagsimula ang pagsasantabi sa mga bakla at lesbyana. Sa paglipas ng panahon, hindi naibalik ang katutubong kultura, bagkus lalong umigting ang pagtuligsa sa mga natibong paniniwala at kaugalian, partikular na ang turing sa mga asog, bayoguin at binabayi. Mula sa mga confesionario at manwal ng kagandahang asal ng mga misyonerong Espanyol hanggang sa alituntunin na itinatadhana ng MTRCB, masasabing malakas ang pag-alingawngaw ng dayuhang kulturang ipinalaganap ng koloniyalismo.

Sa ngayon, patuloy ang tila nitsung pasiklut-siklot na pakikibaka ng mga homosekwal. Laging de-kahon ang imahen na ipinapakita at inilalarawan sa panitikan, midya, at lipunan. Nariyang nakukulong ang hitsura ng

pagiging bakla sa pagiging parlorista at laging may hawak ng suklay at make-up. Nariyan din ang palagiang karakter ng mga bakla bilang pinapaslang at laging naghahabol sa pag-ibig. Ito ang pighati ng libu-libong mga asog, bayoguin at binabayi na ikinulong sa modernong pagpapakahulugan sa mga homosekswal batay sa de-kahong punto de bista ng lipunan.

“Kahalayan, karahasan, kakatuwa, talinghaga at pagiging kakaiba” - ito ang imahen ng mga homosekswal sa modernong panahon. Pilit pa ring ikinukulong ang mga tinatawag na asog, bayoguin, binabayi sa de-kahong pananaw ng lipunan. Ngunit tulad sa prekolonyal na yugto sa kasaysayan ng bansa, magkakaroon pa rin ng siwang para sa pag-asang babalik ang panahon kung kailan magkakapantay-pantay muli ang mga lalaki, babae, lesbyana, bakla, asog, bayoguin at binabayi.

Mga Pinagsanggunian

- Alcina, I. F. (2002). *History of the Bisayan people in the Philippine islands: evangelization and culture at the contact period*. (C.J. Kobak & L. Gutierrez, Trans.). Manila: UST Publishing House. (Orihinal na inilathala 1668).
- Chirino, P. (1969). *Relacion de las islas Filipinas*. (R. Echevarria, Trans.). Manila: Historical Conservation Society. (Orihinal na inilathala 1604).
- de Belen, G. A. (1990). *Mahal na passion ni Jesu Christong Panginoon natin na tola*. Quezon City : Ateneo de Manila University Press. (Orihinal na inilathala 1704).
- de Herrera, P. P. (1843). *Meditaciones cun manga mahal na paginilay na sadia sa sanctong pag ejercicios*. Manila : Compania de Jesus por Don Nicolas Cruz Bagay. (Orihinal na inilathala 1645).
- de Lisboa, M. (1865). *Vocabulario de la lengua Bicol (ikalawang edisyon)*. Manila : Est. tip. del Colegio de Santo Tomas.
- de Noceda, J. J., & de Sanlucar, P. (1860). *Vocabulario de la lengua Tagala (ikatlong edisyon)*. Reimpreso en Manila : Impr. de Ramirez y Giraudier. (Orihinal na inilathala 1754).
- Garcia, J. N. C. (2008). *Philippine gay culture: binabae to bakla, silahis to MSM (ikalawang edisyon)*. Quezon City: University of the Philippines Press. (Orihinal na inilathala 1996).
- Lucero, R. C. (2007). *The nation beyond Manila: ang bayan sa labas ng Maynila*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB). (1985). *Implementing Rules and Regulations of Presidential Decree No. 1986 (October 5, 1985)*. Quezon City: MTRCB Office.
- Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB). (2004). *Implementing Rules and Regulations of Presidential Decree No. 1986 (February 24, 2004)*. Quezon City: MTRCB Office.
- Pinpin, T. (1910). *Librong pagaaralan ng mga Tagalog nang uicang Castila*. Nasa M.A. Cuerva (Ed.), La Primera Imprenta en Filipinas (p. 18). Manila: Tipo-litografia Germania. (Orihinal na inilathala 1610).

- Quirino, C., & Garcia, M. (Eds.). (1961). *The manners, customs, and beliefs of the Philippine inhabitants of long ago: being chapters of "A late 16th century Manila manuscript"*. Manila: Bureau of Print. (Orihinal na inilathala 1958).
- Rafael, V. L. (1988). *Contracting colonialism: Translation and christian conversion in Tagalog society under early Spanish rule*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Salazar, Z. A. (1995). *Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.
- Santiago, L. P. R. (2005). *To love and to suffer: The development of the religious congregations for women in the Spanish Philippines, 1565-1898*. Quezon City : Ateneo de Manila University Press.
- Totanes, F. S. (1865). *Arte de la lengua Tagala, y manual Tagalog para auxilio de los religiosos*. Binondo: Impr. de M. Sanchez. (Orihinal na inilathala 1745).

JAY JOMAR F. QUINTOS obtained his degree in Film and Audio Visual Communication (cum laude) from UP Diliman in 2009 and is now in the university's MA Araling Pilipino program. He is a freelance writer, production manager, and assistant director for film and television (corresponding author: jfquintos@yahoo.com).